Pangalan: Mohammad G. Tantuas
Paksa ng Khutbah: “Ang Riyalidad ng Buhay Dito sa Mundo”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga minamahal kong mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang buhay natin dito sa mundong ibabaw ay pansamantala lamang sa kadahilanang tayong lahat ay kasalukuyang naglalakbay patungo sa kabilang-buhay. Hindi natin namamalayan ang paglipas ng bawat minuto, oras, araw, buwan at taon. At ang mga ito ay hindi na maibabalik pa. Sa katotohanan, ano nga ba talaga ang ating layunin dito sa mundo, ang mga dapat nating tuklasin sa layuning ito, at ang magiging papel natin sa landas na ating tinatahak?

Ang katagang “Ad-Dunya Mazra'atul Akhirah" na nangangahulugang "Ang Mundo ay bukirin ng Kabilang-Buhay" ay isang kasabihan na bagama’t hindi ito bahagi ng mga Hadith mula kay Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), ito ay tumutukoy sa pananaw na ang buhay sa mundong ito ay isang paghahanda para sa susunod na buhay (Akhirah). Ang mga gawa natin dito, tulad ng pagsunod kay Allah, paggawa ng kabutihan, at pag-iwas sa kasalanan ay parang pagtatanim ng mga binhi na aanihin natin sa kabilang-buhay.

Ginawa ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala si Adam (‘alayhis salam) at ang kanyang angkan bilang “Khalifatul Ardh” na sila’y maghahari sa Mundo na ito. Ang

lahat ng mga magagandang bagay ay kusang ipinaubaya sa atin ng Dakilang Lumikha – si Allah Subhanahu Wa Ta'Ala upang pakinabangan, halimbawa ng mula sa pahintulot ng Shari'ah Islamiyyah. Subalit hindi iyon ang ating layunin kundi ang tanging layunin natin ay ang pagsunod at pagtalima sa mga kautusan ni Allah, pagsunod sa mga Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), at upang makamit natin ang Kapatawaran at Habag ng Dakilang Lumikha sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga 'Ibadah.

Si Allah ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ مَن كَانَ يُرِيدُ حَرْثَ الْآخِرَةِ نَزِدْ لَهُ فِي حَرْثِهِ ﴾ الشورى: 20

***"Sinuman ang nagnanais ng gantimpala sa kabilang-buhay (sa kanyang gawain at ginampanan niya ang kanyang mga tungkulin kay Allah) ay daragdagan Namin sa kanya ang kanyang mabuting gawa at pararamihin Namin sa kanya ang mabuting gantimpala."*** (Ash-Shura: 20)

Si 'Aisha (radhiyallahu 'anha) ay nagsalaysay na ang Sugo ni Allah (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi:

"رَكْعَتَا الْفَجْرِ خَيْرٌ مِنَ الدُّنْيَا وَمَا فِيهَا." رواه مسلم

*"Ang dalawang Rak'ah (ng boluntaryong Salah) bago ang Fajr ay mas matimbang kaysa sa Mundo at nilalaman nito."* (Inulat ni Muslim)

Kabilang po sa ating responsibilidad bilang mga Muslim ang lahat ng ating rituwal na pagsamba o 'Ibadah alinsunod sa Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam).

1. Eemaniyyaat – Ang paniniwala at pagtalima sa kaisahan ni Allah Subhanahu Wa Ta'Ala, paniniwala sa Kanyang mga anghel, paniniwala sa Kanyang mga Aklat (Kapahayagan), paniniwala sa Kanyang mga sugo, paniniwala sa Huling Araw, at ang paniniwala sa Tadhana – mabuti man o masama.

2. 'Ibadiyyaat – Ang pagsasagawa sa lahat ng pagsamba kay Allah Subhanahu Wa Ta'Ala gaya ng Limang Haligi ng Islam: ang pagsaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban lamang kay Allah at si Muhammad ay Kanyang alipin at sugo, ang pagsasagawa ng Salah, ang pagbibigay ng

Zakah, ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at ang pagsasagawa ng Hajj.

3. Mu’amalaat – Ang inyong personal na mga gawain o transaksyon gaya ng Halal na paraan ng paghahanap-buhay at mga pakikipagkalakaran.

4. Mu’asharaat – Pakikipag-ugnayan sa kapwa kasama na ang pamilya.

5. Akhlaaqiyyaat – Ang mabuting pag-uugali sa kahit kaninuman bilang isang Muslim at maging huwaran sa komunidad.

Ang lahat ng nabanggit ay pinagsusumikapan nating magampanan bilang mga alipin ni Allah upang makamit natin ang Kanyang Habag, Awa, at Kapatawaran at mapabilang tayo sa mga taong matatagumpay sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلّهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, kung mangyari na ang lahat ng karangyaan dito sa Mundo ay ipagkaloob sa atin katulad ng kayamanan at kapangyarihan, ngunit kung ang mawawala naman sa atin ay ang pagsunod at pagtalima sa mga kautusan ni Allah ay tiyak na sa pagdating sa kabilang-buhay ay matinding kaparusahan ang ating kasasadlakan (wa na'udhobillahi min dhaleek).

Ang sabi ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam):

"إِنَّ الدُّنْيَا حُلْوَةٌ خَضِرَةٌ وَإِنَّ اللَّهَ مُسْتَخْلِفُكُمْ فِيهَا فَيَنْظُرُ كَيْفَ تَعْمَلُونَ." رواه مسلم

*"Katotohanan, ang mundong ito ay matamis na kaakit-akit, at ginawa kayo ni Allah bilang mga tagapamahala dito upang subukan kung paano kayo kikilos."* (Inulat ni Muslim)

Ang Dunya ay isang pagsubok mula kay Allah upang makita kung paano natin ito pamamahalaan at gagamitin para makamit ang kaligayahan sa Akhirah.

Mga kapatid, hangga't may lakas pa tayo ay malaya tayong makakagawa ng mga mabubuti tulad ng 'Ibadah at dapat nating gampanan nang lubos na pag-iingat ito. O Allah, igawad Mo po sa amin ang Iyong Habag at Kapatawaran upang Kami ay magtagumpay hanggang sa Huling Araw.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***